

# Pagtugon sa Agresibong Pag-aasal ng mga Residente

## Paano tumugon sa agresibong pag-aasal



### Manatiling kalmado

- Manatiling kalmado at huwag magalit. Maging positibo at nakapagbibigay ng kapanatagan. Magsalita nang mabagal at sa mahinahong tono.

### Bigyan ng kapanatagan ang tao

- Magsalita nang mahinahon at sa paraang nakapagbibigay ng kapanatagan at subukang pakalmahin ang sitwasyon.
- Pakinggan ang kanilang mga alalahanin.
- Ipakita na nauunawaan mo ang kanilang takot o galit.



### Subukang tukuyin ang ugat

- Isipin kung ano ang nangyari bago ang reaksiyon na maaaring nagdulot ng pag-aasal.
- Tiyaking hindi sakit ang sanhi ng pag-aasal. Ang sakit ay maaaring magdulot ng agresibong pag-aasal sa isang residente.



### Suriin ang iba't ibang posibleng solusyon

- Subukan ang banayad na paghawak.
- Bawasan ang ingay, kalat, o dami ng tao sa silid.
- Magbigay ng gabay sa pagpili sa pagitan ng dalawang opsyon.
- Subukan ang pampakalma na aktibidad - gumamit ng musika, masahe, o ehersisyo para makatulong sa pagpapakalma ng tao.
- Ilihis ang atensyon - mag-alok ng meryenda o paboritong bagay bilang panglibang.

Narito ang ilang mga **de-escalation technique**. Iwasan ang agresibong body language tulad ng pagtiklop ng kamao, pagkrus ng mga braso, o pagsimangot. Panatilihin ang eye contact ngunit huwag tumitig nang agresibo. Kontrolin ang paghinga at subukang magsalita sa matatag, mahinahon, at mababang boses. Gumamit ng mga positibong pahayag at subukang magbigay ng kapanatagan.